

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-30 NG HULYO, 1993, 9:00 NG UMAGA DITO SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Crisencio S. Calma	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Bernabe S. Mortel	
Kagawad Casme T. Mores, Jr.	
Kagawad Ranulfo C. Bernal	
Kagawad Jesus S. Dela Cruz	- ABC President
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

Hindi Dumalo:

Kagawad Cesar T. Baticos
Kagawad Honesto O. Taytay

RESOLUSYON BLG. 43
Taong 1993

KAPASAHANG NAGHAHAYAG NG TAUSPUSONG PAKIKIDALAMHATI AT PAKIKIRAMAY SA MGA NAULILA NG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, GNG. NARDITA FABRIQUIER.

SAPAGKA 'T si Gng. Nardita Fabriquier ay naging lingkod-bayan sa loob ng mahabang panahon bilang isang guro, isang lider-sibiko at isang kagawad ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKA 'T sa loob ng matagal na panahon ang malaking bahagi ng kanyang buhay ay ginugol niya sa matapat na paglilingkuran sa kanyang mga kababayan, na ang pangunahing adhikain ay ang kapakanan at ikabubuti ng kanyang mga kababayan;

SAPAGKA 'T ang kanyang mga nagawa at magagandang halimbawa bilang isang lingkod-bayan ay mananatiling huwaran hindi lamang sa kanyang panahon kundi sa mga sumusunod sa kanya sa paglilingkod sa mga mamamayan;

SAPAGKA 'T sang Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro at ang Pamunuan at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ito ay tauspusong nakikidalamhati sa pagpanaw ng isang kaibigan at kapatid sa paglilingkurang-bayan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Jesus S. Dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat -

officer

celso


IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang taupusong pakikidalamhati at pakikiramay sa mga naulila ng naging kagawad ng Sangguniang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro na si Gng. NARDITA FABRIQUER.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa mga naulila ni Gng. NARDITA FABRIQUER lakip ang aming taupusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Sinang-ayunan ng lahat.

Pinagtibay: 30 Hulyo 1993


PINATUTUNAYAN KO ang katotohanan ng kapasyahang ito.


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

ATTESTED:


JESUS M. DEMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan

PINAGTIBAY :


GELACIO I. MASON
Punong Bayan

merz/

Received:


08/02/93